

# Impormasyon para sa mga Empleyado Tungkol sa Oras ng Trabaho at Bayad sa Overtime

**Pagtatatuwa:** Ang mapagkukunan ng impormasyon na ito ay inihanda upang tulungan ang mga empleyado at ang mga employer na maunawaan ang pinakamababang karapatan at obligasyon sa ilalim ng Batas ng mga Pamantayan sa Trabaho (Employment Standards Act, ESA), 2000 at mga regulasyon. Hindi ito legal na payo. Hindi nito layunin na palitan ang ESA o mga regulasyon at dapat na laging sumangguni sa opisyal na bersyon ng batas. Bagama't pinagsisikapan naming siguruhin na ang impormasyon sa mapagkukunan na ito ay napapanahon at tama hangga't maaari, may mga pagkakamali na paminsan-minsan nangyayari. Ang ESA ay nagbibigay ng mga pinakamababang pamantayan lamang. Ang ibang mga empleyado ay maaaring may higit na karapatan sa ilalim ng isang kontrata ng trabaho, panlahat na kasunduan, karaniwang batas o iba pang mga batas. Ang mga employer at empleyado ay maaaring kumuha ng legal na payo kung kanilang nais.

## Panimula

Ito ang mga pangkalahatang patakaran sa Ontario tungkol sa mga oras ng trabaho at bayad sa overtime. May mga pagkalibre at espesyal na patakaran para sa mga empleyado sa ilalim ng [Batas ng mga Pamantayan sa Trabaho \(Employment Standards Act, ESA\), 2000](#). Upang makita kung ang iyong trabaho ay sakop ng mga espesyal na patakaran o pagkalibre, tingnan ang Kagamitan para sa Espesyal na Patakaran (Special Rule Tool) na makikita sa [Ontario.ca/ESAtools](http://Ontario.ca/ESAtools).

**Ang iyong employer ay hindi maaaring takutin ka, paalisin ka sa trabaho, suspindihin, bawasan ang iyong sweldo, parusahan ka sa anumang paraan o pagbantaan ka ng anumang sa mga aksyon na ito dahil sa paggamit mo ng iyong mga karapatan (rights) sa ESA.**

## Oras ng trabaho

Ang pinakamataas na limit ng arawan at lingguhang oras ng pagtatrabaho ay:

- 8 oras sa isang araw (o ang bilang ng oras ng iyong regular araw ng trabaho kung ito ay mahigit pa sa 8), o
- 48 oras bawat linggo.

## Mga oras ng pahinga at oras ng pagkain

Dapat na bigyan ka ng iyong employer ng hindi bababa sa:

- **11 magkakasunod na oras na wala sa trabaho bawat araw** (ang isang “araw” ay isang 24-oras na panahon – hindi ito kinakailangan na maging araw ng kalendaryo);
- **8 oras na wala sa trabaho sa pagitan ng mga shift**(maliban na lamang kung ang kabuuang oras ng trabaho sa shift ay 13 oras o mas mababa pa, o di kaya ay ikaw at ang iyong employer ay nagkasundo nang nakasulat); at
- **24 magkakasunod na oras na wala sa trabaho bawat linggo ng trabaho**(o 48 magkakasunod na oras na wala sa trabaho bawat dalawang linggo ng trabaho).

Kailangan mo ring makakuha ng 30 minutong oras para kumain matapos ang hindi lalampas sa limang oras ng pagtatrabaho. Maaari kang makipagkasundo sa iyong employer na hatiin ang oras ng pagkain na ito sa dalawang mas maikling pahinga.

## Bayad sa overtime

Sa bawat oras na nagtrabaho ka ng lampas ng 44 oras sa isang linggo, kailangan kang bayaran ng iyong employer ng hindi bababa sa 1½ beses na katumbas ng iyong regular na halaga ng bayad (“oras at kalahati”).

## Mga labis na oras ng trabaho at pag-average ng overtime

**Hindi mo kinakailangan** ngunit **kung pipiliin mo**, maaari kang makipagkasunduan sa iyong employer nang nakasulat na:

- magtrabaho ng mahigit sa 8 oras sa isang araw (o ang bilang ng oras sa iyong regular na araw ng pagtatrabaho, kung ito ay higit sa 8),
- magtrabaho ng mahigit sa 48 oras sa isang linggo, **at / o**
- i-average ang mga oras na nagtrabaho ka sa loob ng dalawa o higit pang lingo upang kwentahin ang bayad sa overtime.

Upang pahintulutan ang labis na oras kada linggo at/o pag-average ng overtime, dapat na mag-apply din ang iyong employer para sa pag-apruba mula sa Direktor ng mga Pamantayan sa Trabaho ng Ministeryo ng Gawa (Ministry of Labour’s Director of Employment Standards) at magpaskil ng kopya ng aplikasyon kung saan makikita mo ito. Kung at kapag nakakuha na ng pag-apruba ang employer mula sa Direktor (Director), ang form ng pag-apruba ay dapat na ipaskil kung saan makikita mo ito. Ang inyong nakasulat na kasunduan ay **hindi** sapat. Hindi ka maaaring magtrabaho ng higit sa bilang ng oras na aprubadong ng Direktor (Director). Maaaring mas konti ito sa bilang ng oras ng trabaho na sinang-ayunan mo.

Maaari mong kanselahin ang kasunduan na magtrabaho ng labis sa arawan o lingguhang oras sa pamamagitan ng pagbibigay ng dalawang linggong nakasulat na abiso sa iyong employer. Maaari ring kanselahin ng employer ang kasunduan sa pamamagitan ng pagbibigay sa iyo ng makatwirang abiso.

Ang pag-aaverage ng overtime ay dapat na may petsa ng hangganan at hindi maaaring kanselahin maliban na lamang kung pareho ninyong napagkasunduan ng employer.

Sa karaniwan, kung ikaw ay kinakatawan ng isang unyon, ang iyong unyon ang gagawan ng kasunduan sa iyong employer, para sa iyo.

### **Para sa karagdagang impormasyon sa pagsasampa ng habol**

Kung mayroon kang katanungan tungkol sa ESA tumawag sa Sentro ng Impormasyon sa mga Pamantayan ng Trabaho ng Ministry ng Gawa (Ministry of Labour's Employment Standards Information Centre) sa 416-326-7160, nang libre sa 1-800-531-5551, o TTY 1-866-567-8893. Ang impormasyon ay makukuha sa iba't ibang wika.

Ang dagdag na impormasyon sa oras ng trabaho at bayad sa overtime ay makikita sa *Ang Iyong Gabay sa Batas ng mga Pamantayan sa Trabaho, 2000 (Your Guide to the Employment Standards Act, 2000)* na makukuha sa [Ontario.ca/ESAguide](http://Ontario.ca/ESAguide). Maaari mo ring subukan ang Kagamitan para sa Oras ng Trabaho at Overtime (Hours of Work and Overtime Tool) na makikita sa [Ontario.ca/ESAtools](http://Ontario.ca/ESAtools). Upang magsampa ng kaso, maaari mong puntahan ang Form ng Habol para sa mga Pamantayan sa Trabaho (Employment Standards Claim Form) online sa [Ontario.ca/ESAforms](http://Ontario.ca/ESAforms).